

Balangkas ng Rehiyonal na Dekarbonisasyon ng San Diego

*Buod para sa mga Gumagawa
ng Patakaran*

BALANGKAS – HINDI PARA SA PAGBANGGIT

Koponan ng Proyekto

Direktor ng Proyekto

Gordon C. McCord

Director, Inisyatibo sa Patakaran ng SGD

Paaralan ng Pandaigdigang Patakaran at Estratehiya, Unibersidad ng California San Diego

Tagapamahala ng Proyekto

Elise Hanson, UC San Diego

Mga Kinatawan ng San Diego County

Sarah Aghassi, Punong Diputado Administratibong Opisyal, Grupo ng Paggamit ng Lupa at Kapaligiran ng Lupa (LUEG)

Murtaza Baxamusa, Tagapamahala ng Programa para sa Rehiyonal na Pagpapanatili, LUEG

Rebeca Appel, Tagapangasiwa ng Programa, LUEG

Nicole Boghossian Ambrose, Tagapamahala ng Grupo ng Programa, LUEG

Mga May-akda ng Kabanata ng RFD Teknikal na Pagsusuri:

Diskarte sa Pag-aaral

Ryan Jones, Evolved Energy Research

Pagsusuri ng Heyograpiya at Pagmamapa ng Produksyon ng Nababagong Enerhiya

Emily Leslie, Montara Mountain Energy

Joseph Bettles, UC San Diego

Pagpapabilis ng Malalim na Dekarbonisasyon sa Sektor ng Transportasyon

Katy Cole, Fehr & Peers

Chelsea Richer, Fehr & Peers

Eleanor Hunts, Fehr & Peers

Dekarbonisasyon ng mga Gusali

Asa Hopkins, Synapse Energy Economics

Philip Eash-Gates, Synapse Energy Economics

Jason Frost, Synapse Energy Economics

Shelley Kwok, Synapse Energy Economics

Jackie Litynski, Synapse Energy Economics

Kenji Takahashi, Synapse Energy Economics

Mga Solusyon sa Likas na Klima at iba pang mga Pagsasaalang-alang sa Paggamit ng Lupa

Elise Hanson, UC San Diego

Emily Leslie, Montara Mountain Energy

Mga Epekto sa Trabaho sa Pamamagitan ng Dekarbonisasyon sa Rehiyon ng San Diego

Robert Pollin, PERI, University of Massachusetts Amherst

Jeannette Wicks-Lim, PERI, University of Massachusetts Amherst

Shouvik Chakraborty, PERI, University of Massachusetts Amherst

Gregor Semieniuk, PERI, University of Massachusetts Amherst

Pangunahing Pagsasaalang-alang sa mga Patakaran para sa Rehiyon ng San Diego

Joseph Bettles, UC San Diego

Gordon C. McCord, UC San Diego

David G. Victor, UC San Diego

Emily Carlton, UC San Diego

Pagsusuri sa mga Oportunidad sa Lokal na Patakaran

Scott Anders, Sentro ng Inisyatibo sa Patakaran ng Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Nilmini Silva Send, Sentro ng Inisyatibo ng Patakaran sa Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Joseph Kaatz, Sentro ng Inisyatibo ng Patakaran sa Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Yichao Gu, Sentro ng Inisyatibo ng Patakaran sa Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Marc Steele, Sentro ng Inisyatibo ng Patakaran sa Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Ang Rehiyon ng San Diego bilang isang Modelo

Elena Crete, UN Sustainable Development Solutions Network (SDSN)

Julie Topf, UN Sustainable Development Solutions Network (SDSN)

Apendise A: Buod ng Pagmomodelo ng Sistema ng Enerhiya sa Buong Estado

Ryan Jones, Evolved Energy

Apendise B: Pagsusuri ng Awtoridad para sa Lokal na Hurisdiksyon at mga Ahensya upang Impluwensiyahan at Ayusin ang mga Emisyon ng GHG

Joseph Kaatz, Sentro ng Inisyatibo ng Patakaran sa Enerhiya, Unibersidad ng San Diego

Mga Pagkilala: Ang pangkat ng RDF ay nagpapasalamat kay David Victor para sa kanyang posisyon bilang tagapayo sa buong proyekto, pati na rin kay Joseph Bettles, Tyler Spencer, Emily Carlton, at Elissa Bozhkov para sa pananaliksik at editorial na suporta.

Buod para sa mga Gumagawa ng Patakaran

Ang pandaigdigang pang-agham na pinagkasunduan ay malinaw: ang mundo ay nasa gitna ng krisis sa klima at ang ating bintana ng oportunidad upang makabuluhang bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas (GHG) ay sumasara.ⁱ Ang mga gawain at impluwensya ng tao ay nagpainit sa kapaligiran, karagatan, at lupa sa pamamagitan ng mabilis na pag-iipon ng GHG sa kapaligiran at karagatan, na nagiging sanhi ng mabilis at nakaka-alarmaning mga pagbabago. Ang mga pandaigdigang kasunduan, tulad ng Kasunduan sa Klima ng Paris, at mga ehekutibang kautusan ng California ay kinikilala ang kamadalian ng dekarbonisasyon na kinakailangan sa mga industriya. Kung saan ang mga nakaraang diplomatikong pagsisikap ay nabigo upang makamit ang sapat na pag-unlad sa pagbabago ng klima, ang mga rehiyonal na modelo ng paglutas ng problema ay may kinalaman sa parehong pandaigdigang mga pangako at mga lokal na pangangailangan ay maaaring lumitaw bilang isang mas epektibong diskarte.

Ang Teknikal na Pagsusuri ng Balangkas ng Rehiyonal na Dekarbonisasyon ng San Diego (Regional Decarbonization Framework o RDF) ay nagbibigay ng mga teknikal at patakarang landas sa dekarbonisasyon sa katamtamang termino upang ipaalam ang malapit-na-terminong paggawa ng patakaran sa mga pamahalaang pangrehiyon, county, at lungsod. Ang ulat ay nagmomodelo ng mga landas na nakabatay sa agham upang magkaroon ng sero na mga emisyon ng karbon para sa rehiyon pagsapit ng taong 2045, na naaayon sa Kasunduan sa Klima ng Paris at sa mga utos ng Estado. Ang mga landas ay maaaring magbigay ng isang ibinahaging pananaw para sa rehiyon ng San Diego patungo sa sama-samang pagbabawas ng net na emisyon ng GHG upang sila ay nakahanay sa mga layunin ng Estado para sa net sero. Ang ulat na ito ay isang teknikal na pagsusuri ng kung paano ang iba't ibang mga sektor sa sistema ng enerhiya ay maaaring mag-ambag sa dekarbonisasyon, ngunit hindi nito kinikilala bilang “tamang” landas at sa halip ay nagpapakita ng maramihang mga paraan pasulong upang bigyang-pansin ang mga kapalit, kapwa pakinabang, puntos ng desisyon, mga panganib, at mga sinerhiya. Ang pag-aaral na ito ay sinadya upang maging patuloy na nasasapanahon habang nagbabago ang mga teknolohiya o habang nalulutas o nilililaw ang mga kawalan ng katiyakan, at tinutuklas ng ulat ang mga proseso ng patakaran na makakatulong sa mga hurisdiksyon sa rehiyon na matutunan ang tungkol sa mga kawalan ng katiyakan at ayusin ang mga estratehiya dala ng bagong impormasyon.

ⁱ Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), “Climate Change 2022: Impacts, Adaptation, and Vulnerability. Summary for Policymakers.” WGII Sixth Assessment Report, February 2022. Available at: https://report.ipcc.ch/ar6wg2/pdf/IPCC_AR6_WGII_FinalDraft_FullReport.pdf

Balangkas ng Pag-aaral at Mga Pagsasaalang-alang sa Pangunahing Patakaran


Ang ulat na ito ay tumitingin sa mga paraan upang mabawasan ang mga emisyon ng karbon sa rehiyonal na sistema ng enerhiya ng San Diego, na binibigyang kahulugan bilang ang kabuuang produksyon at pagkonsumo ng enerhiya sa sektor ng elektrisidad, transportasyon, at mga gusali, upang ihanay sa Estado at pambansang landas upang maabot ang net sero. Sa pamamagitan ng “net sero,” ang ulat na ito ay nangangahulugan na ang carbon dioxide (CO₂) na mga emisyon na dulot ng tao sa sistema ng enerhiya ay kapantay ng pag-alis at pag-imbak ng CO₂ na dulot ng tao at samakatuwid ay hindi nag-aambag sa neto na mga emisyon sa kapaligiran.ⁱⁱ Ang RDF Teknikal na Pagsusuri ay hindi umaasa sa mga katumbas sa labas ng rehiyon ng San Diego upang maabot ang net sero na mga target. Mahalaga na bigyang pansin na mayroong mga emisyon mula sa iba pang mga sektor, tulad ng basura, na hindi naisama sa pag-aaral na ito.

Ang mga landas ng dekarbonisasyon ng RDF Teknikal na Pagsusuri ay na-modelo mula sa mas malaking pambansa at estado na malalim na mga sitwasyon ng dekarbonisasyon upang matiyak na ang mga landas ng rehiyon ng San Diego ay nakahanay sa mga pambuong-estadong mga landas sa dekarbonisasyon. Ang Umunlad na Pananaliksik sa Enerhiya (Evolved Energy Research o EER) ay binuo ang mga panrehiyong modelo na ito sa ilalim ng limang mga kaso ng modelo (na kung minsan ay tinutukoy bilang mga senaryo).ⁱⁱⁱ Ang mga modelo ng malalim na dekarbonisasyon, na siyang proseso ng malaking pagbabawas ng carbon dioxide at iba pang mga emisyon ng mga greenhouse gas sa buong ekonomiya, ay nagreresulta sa kuwantitatibong komparatibong pagsusuri ng mga panrehiyong mga opsyon sa patakaran at dekarbonisasyon na kinalabasan sa iba’t ibang mga sektor. Ang isang halimbawa ng mga produksyon ng pagmomodelo ng EER para sa sektor ng enerhiya ay ipinapakita kung paano ang iba’t ibang mga kaso ng modelo ay makakaapekto sa pang-buong-estadong dekarbonisasyon sa parehong kabuuang nakakabit na kapasidad ng kuryente na kinakailangan (Larawan 1) at ang enerhiya at industriya ng mga emisyon ng CO₂ na magaganap hanggang 2050 (Larawan 2). Ang paggamit ng mga mas simpleng mga modelo ay mahalaga din dahil ang mga sistema ng lokal na enerhiya at transportasyon ay konektado sa iba pang mga rehiyon at estado, kaya ang mga rehiyonal na hurisdiksyon ay dapat gumalaw na kasabay sa iba pang mga rehiyonal at estado hurisdiksyon habang sila ay nagdedekarbonisa.


ⁱⁱ Tandaan na ang pagmomodelo ng sistema ng enerhiya ay isinasaalang-alang lamang ang mga emisyon ng CO₂, kung saan ang mga natural na solusyon sa klima at pagsusuri sa Plano sa Aksyon sa Klima ay pinag-aaralan ang iba pang mga greenhouse gas pati na rin, kabilang ang methane, nitrous oxide, ozone, atbp. Ang mga GHG na ito ay inilipat sa kanilang “katumbas na karbon dayoksayd” (CO₂e) para sa mas madaling paghahambing.

ⁱⁱⁱ Higit pang mga detalye sa mga kaso ng modelo ay matatagpuan sa Kabanata 1 at Apendise A.

BALANGKAS - HINDI PARA SA PAGBANGGIT




Larawan 1. Ang mga resulta para sa kabuuang nakakabit na kapasidad ng koryente na kinakailangan sa California upang maabot ang net zero na mga emisyon sa buong estado sa taong 2050 sa ilalim ng limang iba't ibang mga modelong sitwasyon sa EER na modelo. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa EER na modelo, pagbabawas, at mga kaso ng modelo ay makikita sa Apendise A.



Larawan 2. Mga resulta para sa mga emisyon ng CO₂ mula sa enerhiya at pang-industriya na proseso sa California mula sa EER na modelo. Ang mga kulay sa itaas ng x-axis ay kumakatawan sa mga positibong emisyon, at ang mga

kulay sa ibaba ay kumakatawan sa kontra sa negatibong emisyon. Ang itim na linya ay nagpapahiwatig ng net na mga emisyon ng CO₂. “Ang produkto at naka-imbak na CO₂” ay alinman sa CO₂ na nagtatapos bilang sekwestrado sa mga materyales (hal., ang aspalto ay sinisikwester ang CO₂ sa panahon ng produksyon nito) o pagbawas ng CO₂ na hindi binilang sa kasalukuyang mga imbentaryo (hal., ang pagbawas sa mga emisyon ng intersteyt na abyasyon ay hindi kasama sa pagbibilang ng mga emisyon ng isang estado, ngunit ang intrasteyt abyasyon ay kasama).

Ang mga eksperto sa produksyon ng nababagong enerhiya, transportasyon, at mga gusali ay nagmodelo ng mga landas ng dekarbonisasyon na teknikal na magagawa para sa rehiyon upang lumikha ng isang mapa na batay sa siyensya ng rehiyonal na dekarbonisasyon sa net sero na mga emisyon pagdating ng kalagitnaan ng siglo. Ang mga modelo na ito ay tumutok sa napatunayan, nasusukat na teknolohiya para sa pagdekarbonisa ng pinakamalaking mga naglalabas ng emisyon ng GHG sa rehiyon (Larawan 3) na nasa loob ng hurisdiksyon ng mga lokal na pamahalaan at mga ahensya. Samakatuwid, ang mga teknolohiya na nasa eksperimental o maagang yugto pa lang ay hindi isinama dahil hindi sila maaaring agad na magagamit sa antas ng mga rehiyonal na awtoridad. Katulad nito, ang mga pamamahagi ng mapagkukunan sa tubig ng Estado at pederal ay hindi kasama maliban sa pagbigay ng konteksto sa aksesibilidad ng mapagkukunan sa rehiyon ng San Diego.



Larawan 3. Pangbuong rehiyon na pagtatantya ng mga emisyon ng katumbas ng carbon dioxide (CO₂e) na sinukat sa milyong metrong-tonelada. Kasama sa kategoryang "iba pa" ang mga emisyon mula sa mga pang-industriyang mapagkukunan, transportasyon sa labas ng kalsada, basura, abyasyon, tubig, atbp., na hindi isinasaalang-alang sa RDF Teknikal na Pagsusuri. Tandaan na ang mga bilang ng taong 2035 ay isinasaalang-alang ang mga epekto ng ilang mga pagkilos ng Estado at pederal. Pinagmulan: ang Apendise X ng Sandag 2021 Rehiyonal na Plano, magagamit dito: https://sdforward.com/docs/default-source/2021-regional-plan/appendix-x—2016-greenhouse-gas-emissions-inventory-and-projections-for-the-san-diego-region.pdf?sfvrsn=8444fd65_2

Bukod pa rito, ang RDF Teknikal na Pagsusuri ay binibigyang-pansin ang kawalan ng katiyakan sa proseso ng dekarbonisasyon at ang pangangailangan para sa patuloy na proseso ng pagpapalano na maaaring iakma habang nagbabago ang paysahe ng teknolohiya at patakaran. Halimbawa, ang nadagdagang abilidad na magamit ang nababagong enerhiya mula sa Imperial County o Mexico ay maaaring makaapekto sa pinaghalong nababagong enerhiya ng rehiyon ng San Diego, na maaaring maiwasan ang mga pangangailangan upang bumuo ng mas mahal na nababagong enerhiya sa lokal na imprastruktura. Katulad nito, ang pagbuo ng Estado at/o Pederal ng hangin sa labas ng pampang ay maaaring makabawas sa pangangailangan para sa base-sa-lupa na nababagong imprastrakturang pag-unlad sa rehiyon ng San Diego. Samakatuwid, ang mga sistema ng paggawa ng desisyon na binuo mula sa mga natuklasan ng RDF Teknikal na Pagsusuri ay dapat pahintulutan ang patuloy na pagpapanibago habang nagbabago ang teknolohiya at mga paysahe ng patakaran.

Mga Pangunahing Pagsasaalang-alang sa Patakaran


Ang matagumpay na dekarbonisasyon ay mangangailangan ng mga teknikal na solusyon pati na rin ang mga diskarte sa patakaran na maaaring umangkop sa mga pang-agham na pagsulong pati na rin ang mga lokal na pampulitika at pang-ekonomiyang mga kondisyon. Ang RDF teknikal na pagsusuri ay nagbibigay ng pinakamahusay na pagtatasa ng pinakamababang gastos at pinaka-epektibong malapit-na-terminong solusyon para sa pagbabawas ng mga emisyon sa bawat sektor. Ang mga "mababang-panghihinayang" na aksyon na ito ay matatag na aksyon sa dekarbonisasyon sa malapit-na-termino nang hindi alintana kung paano ang kawalan ng katiyakan ay nilulutas, ngunit kung ang mga ito ay ang pinakamahusay na landas sa kahabaan ng panahon ay hindi malalaman. Ang epektibong pag-aaral at pagsasaayos ng patakaran ay nangangailangan na ang mga lokal na aktor - parehong mga lider at mga tao na nangunguna - ay unang magpatupad ng mga solusyon at pagkatapos ay makisali sa sistematiko at tuluy-tuloy na pagsusuri ng mga resulta upang himukin ang makabuluhang pag-aaral tungkol sa kung ano ang gumagana at kung ano ang hindi. Ang "pinakamahusay" na mga solusyon at mga landas ay maaari at dapat magbago sa paglipas ng panahon habang sumusulong ang agham at teknolohiya at habang natututunan ng mga lokal na aktor kung ano ang epektibo sa konteksto ng San Diego.

Ang RDF Teknikal na Pagsusuri ay nagmumungkahi ng pang-buong-rehiyon na institusyonal na pamamahala na maaaring magpadali sa patuloy na pakikipagtulungan at pag-aaral sa lahat ng mga hurisdiksyon.^{vi} Isinaayos sa isang Rehiyonal na Nangungunang Komite, Mga Sektor ng Grupo ng Paggawa, at Mga Nangungunang Tagapayo, ang istrakturang ito ay magtitipon ng mga

^{vi} Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pakikipagtulungan at pag-aaral sa mga hurisdiksyon ay magagamit sa Kabanata 7.

may kaalaman na opisyal ng gobyerno, mga awtoridad sa pagpapalano, mga nagko-kontrol, mga isteykholder sa industriya, mga eksperto, at mga manggagawang nangunguna sa bawat sektor mula sa buong rehiyon upang subukan, suriin, at ayusin ang mga solusyon at layunin. Ang ganitong istraktura ay kinakailangan dahil ang pagkamit ng malalaking pagbabago at mabilis na pag-aaral na kinakailangan upang matugunan ang pagbabago ng klima ay isang problema ng kolektibong pagkilos. Sa indibidwal, ang mga lokal na hurisdiksyon at ahensya sa rehiyon ng San Diego ay may limitadong antas ng direktang awtoridad sa buong hanay ng mga pagkilos na kinakailangan upang magdekarbonisa (bagaman ang ilan ay maaaring magkaroon ng mas hindi direktang impluwensya). Ang pakikipagtulungan sa buong rehiyon ay maaaring madagdagan ang kanilang pagiging epektibo sa pamamagitan ng malinaw, kapani-paniwala, at pare-parehong mga senyales ng patakaran, magkasamang paglutas ng problema at pagsasama-sama ng karanasan tungkol sa kung ano ang gumagana at hindi gumagana, at mas mataas na pagkilos at kapasidad mula sa pinagsamang mga mapagkukunan. Tulad ng tinalakay sa Kabanata 7 at 8, ang mga halimbawa ng kooperasyon sa rehiyon ay maaaring magsama ng pagtatakda ng mga insentibo sa buong county upang mag-udyok ng pagkilos, pagkolekta at pagsubaybay ng datos, pagsasagawa ng mga pagsusuri, pagbibigay ng suporta upang bumuo at magpatupad ng mga patakaran, at pagpupulong ng mga isteykholder at mga grupo ng nagtatrabaho upang bumuo ng mga diskarte sa rehiyon at subaybayan ang pag-unlad. Ang isang pormal na mekanismo, tulad ng isang Rehiyonal na Aksyon sa Klima JPA, ay maaaring mapadali ang sinasabing kooperasyon at, sa paggawa nito, tulungang isukat ang stratehiya ng pag-iisip at paggawa ng desisyon sa paligid ng dekarbonisasyon. Larawan 4 ay binabalangkas ang isang institusyonal na proseso na kung saan ang rehiyonal na pamamahala, na ginagabayan ng mga teknikal na mga solusyon na iminungkahi sa RDF at patuloy na pakikipag-ugnayan sa mga isteykholder, ay maaaring humimok ng makabuluhang pag-aaral sa bawat sektor.

Sa loob ng prosesong ito ng institusyon, ang RDF Teknikal na Pagsusuri ay nagmumungkahi din ng dalawang estratehiya para sa pakikipag-ugnayan sa mga aktor at ahensya sa labas ng rehiyon upang mapalaki ang epekto sa loob ng rehiyon. Una, ang mga lider ng rehiyonal na dekarbonisasyon ay kailangan upang patuloy na makisali sa mga ahensya sa labas, lalo na sa antas ng estado, upang maka-impluwensya sa mga patakaran na nakakaapekto sa mga lokal na pagsisikap (hal., mga regulasyon sa nababagong enerhiya). Pangalawa, ang mga lokal na lider ay dapat samantalain ang pribadong sektor na nakatuon sa teknolohiya ng county at maraming mga komunidad ng unibersidad upang maitatag ang rehiyon ng San Diego bilang isang lugar ng pagsubok para sa mga proyekto ng pangunguna at demonstrasyon. Habang pang-rehiyonal na laki ng pamumuhunan sa makabagong ideya lamang ay hindi malamang na magkakaroon ng dramatikong epekto sa teknolohikal na kahandaan sa lahat ng sektor, ang lokal na pagsubok at paggamit ng mga teknolohiya na binuo sa labas ng county ay maaaring mag-ambag sa pandaigdigang pagsisikap upang itulak ang hangganan ng agham sa mga solusyon sa klima. Bilang karagdagan sa pagtutulak ng pagbabawas ng lokal na mga emisyon, ang panlabas na pakikipag-ugnayan ay isang pagkakataon upang dalhin ang mga mapagkukunan na galing sa labas at ang atensyon mula sa gumagawa ng patakaran sa estado at pederal sa rehiyon, na may potensyal na positibong epekto sa lokal na ekonomiya.



Larawan 4. Ang RDF Teknikal na Pagsusuri bilang bahagi ng isang Pinagsamang Balangkas ng Dekarbonisasyon at isang institusyonal na istraktura. Maaaring kabilang sa istrukturang ito ang mga rehiyonal na pamamahala sa rehiyon para sa rehiyon ng San Diego at isang kumperensya ng mga pamahalaan, bilang halimbawa.

Sa kabuuan, ang RDF ay nagmumungkahi na gawing institusyonal ang isang lubos na malinaw, kooperatibang proseso para sa pagkuha ng bagong impormasyon tungkol sa "kung ano ang gumagana" sa malalim na dekarbonisasyon, paghahambing ng mga pinakamahasag na kasanayan sa loob ng county, at pakikipag-ugnay sa mga gumagawa ng patakaran sa labas ng rehiyon, mga isteykholder sa industriya, at iba pang mga eksperto na nag-aambag sa **ebolusyon ng pambansang diskarte**. Ito ay mahalaga hindi lamang upang gamitin nang husto ang mga lokal na pagbawas sa mga emisyon, ngunit para din maimpluwensiyahan ng San Diego ang mga patakaran ng klima sa estado at pederal at maging isang epektibong lider para sa iba pang mga hurisdiksyon. Dahil ang rehiyon ng San Diego ay bumubuo lamang ng 0.08% ng pandaigdigang mga emisyon, ang pagbuo ng mga tagasunod ay mahalaga para ang rehiyon ay tunay na makagawa ng epekto sa pagpapagaan sa pagbabago ng klima.

Pag-dekarbonisa ng Elektrisidad

Kinikilala ng RDF Teknikal na Pagsusuri ang mga mababang epekto, mataas na kalidad, at teknikal na magagawang mga lugar para sa pagpapaunlad ng imprastraktura ng nababagong enerhiya sa rehiyon ng San Diego at kalapit na Imperial County. Ang mga emisyon sa elektrisidad ay bumubuo ng humigit-kumulang 20% ng 2016 Imbentaryo ng Rehiyonal na mga Emisyon ng Greenhouse Gas (Regional Greenhouse Gas Emissions Inventory) para sa rehiyon ng San Diego at ang pangalawang pinakamalaking pinagmumulan mga emisyon sa rehiyon (Figure 3). Ang pag-dekarbonisa ng produksyon ng elektrisidad ay mangangailangan ng malaking malawakang-paggamit ng mga bagong nababagong mga mapagkukunan. Ang nakaupong imprastraktura ng nababagong enerhiya at mga pasilidad ay maaaring magkaroon ng makabuluhang epekto sa kapaligiran at mangangailangan ng bago at napanibago na imprastraktura ng paghahatid.


Ang rehiyon ng San Diego ay may sapat na magagamit na lugar ng lupa para sa paglikha ng hangin at solar upang harapin ang isang ganap na na-dekarbonisang sistema ng enerhiya na nakalinya sa mga modelo ng sistema ng buong estado ng California sa ilalim ng pinakamababang-gastos na sitwasyon. Gayunpaman, ang mga pamantayan sa pagtugon para sa pagiging maaasahan ay mangangailangan ng makabuluhan, ngunit hindi tiyak, na mga pamumuhunan sa isang hanay ng mga karagdagang mapagkukunan, kabilang ang labis na paulit-ulit at nakikibagay na henerasyon, imbakan, at pamamahala sa panig ng nangangailangan. Ang rehiyon ay maaaring makabuo ng inaasahang pangangailangan ng enerhiya pagdating ng taong 2050 gamit ang pagbuo ng lokal na sukat-utilidad ng hangin sa pampang at solar. Gayunpaman, ang pangangailangan sa enerhiya ay maaaring mas mataas o mas mababa kaysa sa suplay ng nababagong enerhiya sa isang partikular na oras (halimbawa sa gabi o sa maulap na araw), kaya ang mga pamumuhunan sa karagdagang imprastraktura sa imbakan ng enerhiya ay kinakailangan upang matustusan ang maaasahang nababagong enerhiya sa rehiyon. Gayunpaman, ang mga gastos ng mga karagdagang mga mapagkukunan na ito, tulad ng mga baterya at de-bombang imbakan ng kuryente mula sa tubig ay lubos na hindi tiyak.

Ang RDF Teknikal na Pagsusuri ay lumilikha ng maramihang mga senaryo sa pagpili ng lugar para sa imprastraktura ng nababagong enerhiya upang maisaalang-alang sa paggawa ng desisyon. Kabilang sa mga senaryong ito ang pinakamababang-gastos na mga senaryo, mga senaryong kasama ang Imperial County (kabilang ang potensyal na heyothermal nito), mga senaryong may iba't ibang halo ng mga mapagkukunan ng hangin at solar (parehong ipinamamahagi at sukat-utilidad), at mga lugar na kayumangging-bukid (brownfield). Ang pangunahing senaryo ay pinili ang lugar ng nababagong enerhiya na sukat-yutilidad mula sa pinakamababa papuntang sa pinakamataas na gastos, habang ang mga karagdagang mga senaryo ay inuuna ang iba't ibang mga layunin ng patakaran tulad ng pag-iwas sa konserbasyon na lupain na may mataas na katumbas na halaga, mga lupain na may mataas na halagang salapi, mga lupain na may mataas na potensyal na sekwestrasyon ng karbon, at mga lupain na hindi pa itinuturing na maaaring paunlarin. Ang lahat ng mga senaryo ay kasama ang gastos sa imprastraktura na ipinapahayag bilang pinantay na halaga ng enerhiya (levelized cost of energy o LCOE), na isang paraan upang ihambing ang mga gastos sa kabuuan ng mga proyekto sa enerhiya. Kasama sa pagsusuri ang mga sumusunod na mga senaryo sa pag-unlad ng nababagong enerhiya:^v

^v Tingnan ang mga seksyon 2.4.5 at 2.4.6 para sa mga paglalarawan ng datos at pamamaraan para sa pagpili ng lugar at proyektong kandidato. Tingnan ang mga seksyon 2.5.1 at 2.5.2 para sa mga resulta ng mga senaryo, talakayan, at mga mapa.


1. Pinakamababang-gastos, mataas na lokal na kapasidad (San Diego county lamang) (Larawan 5);
2. Pinakamababang-gastos, mataas na transmisyong paghahatid (mga county ng San Diego at Imperial) (Larawan 6);
3. Binawasang epekto sa kapaligiran (iniwasan ang mga lugar na may mataas na halaga ng konserbasyon) (Larawan 7);
4. Binawasang pagkawala ng lupa na may mataas na halaga ng pera (iniwasan ang lupa na mataas ang halagang katumbas sa pera) (tingnan ang Kabanata 2, Seksyon 2.5.2 para sa larawan);
5. Binawasang pagkawala ng lupa na natural na sinisikwester ang mataas na antas ng karbon (iniwasan ang lupa na may natural na potensyal ng sekwestrasyon ng karbon) (tingnan ang Kabanata 2, Seksyon 2.5.2 para sa larawan);
6. Huston nagamit ang pag-unlad ng mga lugar na maaaring paunlarin (kabilang ang mga lupain na bakante o itinalaga para sa muling pagpapaunlad) (tingnan ang Kabanata 2, Seksyon 2.5.2 para sa larawan); at
7. Katamtamang senaryo (kabilang ang isang kumbinasyon ng mga mapapa-unlad na lugar sa rehiyon at mga kalapit na lugar na may mga mapapanibagong transmisyon, malapit sa heyothermal, solar sa bubong, at kayumangging-bukid na solar at kayumangging-bukid na hangin) (Larawan 8).

Senaryo 1: Solar at Hangin sa loob ng San Diego County




Larawan 5. CPA Senaryo 1: Rehiyon ng San Diego lamang. Ang pagsusuri na ito ay pumipili ng sukat-utilidad na mga mapagkukunan ng solar at hangin sa pampang mula sa pinakamababa sa pinakamataas na gastos upang matugunan ang inaasahang pangangailangan ng enerhiya. Ang tatlong mga panel ay ipinapakita ang pagtatayo na kinakailangan ng bawat taon na magpapahintulot sa rehiyon upang makamit ang buong dekarbonisasyon ng enerhiya pagdating ng taong 2050. Ang mga mas mapusyaw na kulay ay kumakatawan sa Mga Lugar na Kandidato sa Proyekto (Candidate Project Areas o CPAs) na binuo nang mas maaga dahil ang mga ito ay mas mura. Ang kulay asul ay mga mapagkukunan ng hangin at kulay kahel/pula ay mga mapagkukunan ng solar. Ang senaryong ito ay may medyanong LCOE na \$ 40.65 bawat megawat na oras (MWh).

Senaryo 2: Solar, Hangin at Heyotermal sa loob ng mga County ng San Diego at Imperial




Larawan 6. CPA Senaryo 2: Mga county ng San Diego at Imperial. Ang pagsusuri na ito ay pumipili ng solar, hangin sa pampang at heotermal na mga mapagkukunan mula sa pinakamababa hanggang pinakamataas na gastos upang matugunan ang inaasahang pangangailangan ng enerhiya. Ang mga mapang ito ay nagpapakita ng pagtatayo sa loob ng tatlong panahon kung saan ang mga kulay ay kumakatawan sa taon ng pagtatayo (mas mapusyaw na kulay ay mas maaga) at mga mapagkukunan (pula/kahel para sa solar, asul para sa hangin, at berde para sa heotermal). Ipinapakita ng nakasingit ang pagpili ng lugar ng Jacumba Hot Springs sa 2050 at ang lugar na kinabibilangan ng mga iminungkahing/nakaplanong mga lugar ng Jacumba Valley Ranch (JVR). Ang senaryong ito ay may medyanong LCOE na \$ 42.04 bawat megawat na oras (MWh).



Larawan 7. CPA Senaryo 3: Limitahan ang lupa na may mataas na halaga ng konserbasyon. Binabawasan ng senaryong ito ang mga epekto sa mga lugar na may mataas na halaga ng konserbasyon at iba pang mga lugar na sensitibo sa kapaligiran o mahalaga. Hindi nito natutugunan ang mga rehiyonal na pangangailangan ng enerhiya at ito ay relatibong mas mahal (na may isang medyanong LCOE na \$ 84.5 bawat MWh).

Ang kalagitnaang-saklaw na senaryo ay gumagamit ng isang halo ng napatunayan, nasusukat na mga teknolohiya na nasa loob ng mga hurisdiksyon ng County ng San Diego, County ng Imperial, o mga rehiyonal na entidad na itatayo upang matugunan ang pangangailangan ng rehiyon sa malapit-na-termino (2025) at sa kalagitnaan ng siglo (ipinapakita sa Larawan 8). Kasama sa mga teknolohiya ang pagpapa-unlad ng imprastrakturang lugar na dating kayumangging-bukid (imprastruktura ng solar at hangin na binuo sa kasalukuyan o dating kontaminadong mga lugar); sukat-utilidad na solar at hangin sa parehong San Diego at Imperial county; solar sa bubong at "infill" (kung saan ang "infill solar" ay tinutukoy bilang proyektong solar na inilagay sa mga siksik, urban na lugar); at heyothermal (na kung saan may isang malinis, matatag na pinagmulan ng elektrisidad).



Larawan 8. CPA Senaryo 7: Kalagitnaang-saklaw na Senaryo 2050. Ang larawan na ito ay nagpapakita ng mga lugar na pinili upang matugunan ang pangangailangan ng elektrisidad sa taong 2050 sa ilalim ng kalagitnaang-saklaw na senaryo. Sa senaryong ito, ang 2050 taunang henerasyon mula sa mga bagong nababagong pinagkukunan ay ang mga sumusunod: 12% solar sa bubong, 23% solar sa brownfield, 0.1% hangin sa brownfield, 6% sukat-yutilidad na solar sa mapapa-unlad na lupain sa San Diego county, 0.4% sukat-yutilidad na hangin sa mapapa-unlad na lupain sa San Diego, 38% solar sa Imperial, 21% heothermal sa Imperial. Ang pagdaragdag ng solar sa bubong at mga brownfield na mga mapagkukunan nang sabay ay nagreresulta sa 35% na pagbawas sa mga epekto sa lugar ng lupa. Ito ay nakakatugon sa mga rehiyonal na pangangailangan ng enerhiya ngunit may isang mataas na pamantayan na gastos (pamantayan LCOE ng \$ 109/MWh) bahagyang dahil sa ang mataas na gastos ng bubong at brownfield na pag-unlad.

Mayroong ilang mga komonalidad sa kabuuan ng mga senaryo sa mga resulta, na nagmumungkahi na ang mga ito ay maaaring maging "mababang-panghihinayang" na mga opsyon sa imprastruktura ng nababagong enerhiya. Ang mga heyo-espasyo na pinag-aaralan ay nagpakita na ang bubong at infill na solar ay maaaring magdala ng mga kapwa pakinabang sa mga komunidad, at, kasama ang pag-unlad ng kayumangging-bukid, ang mga ito ay mga

mababang-panghihinayang na diskarte. Sa kabila ng kanilang medyo mataas na gastos kumpara sa sukat-yutilidad na pag-unlad, mayroon silang mababang epekto sa kapaligiran, agrikultura, at mga komunidad sa kanayunan, at mayroon silang mataas na mga oportunidad sa pagsasanay sa trabaho malapit sa mga tahanan at sentro ng lunsod. Dahil sa mataas na komersyal na interes at ang mga relatibong lokasyon na malapit sa binalak o umiiral na nababagong mga lugar, ang mga modelo ay pinili ang nababagong lugar ng JVR sa karamihan ng mga senaryo. Ang lugar na ito ay pinapaboran ng mga paglilitis sa pagpapalano ng Estado, kabilang ang mga ng California Independent Systems Operator (CAISO) (na nagpapatakbo ng grid ng California) at ng California Public Utilities Commission (CPUC) at maaaring kumatawan sa isang mababang-panghihinayang na senaryo para sa pagtatayo na sukat-yutilidad. Ang lahat ng mga senaryo ay nangangailangan ng maingat na pagsasaalang-alang ng mga isyu sa hustisya sa kapaligiran at isang mas malalim na pag-unawa sa mga epekto na ang mga pagpapaunlad ng enerhiya ay magkakaroon sa mga apektadong komunidad, mga komunidad na may mababang kita, at/o mga komunidad ng mahihirap.

Ang makabuluhang madaling paggamit ng solar at heyotermal sa Imperial County ay isang malaking potensyal na mapagkukunan para sa San Diego na maaaring mangailangan ng mga pagpapanibago sa network ng transmisyon. Habang ang imprastraktura ng nababagong enerhiya ay binuo sa mga kalapit na lugar - tulad ng Imperial County, Mexico, o tubig-Estado - ang mga senaryo sa pagpili ng lugar ay magbabago sa pagsusuri sa suplay at pangangailangan ng enerhiya na umuulit. Katulad nito, habang ang mga bagong teknolohiya at pagpe-permisyo ay nagreresulta sa karagdagang mga mapagkukunan ng nababagong enerhiya (hal., hanging malayo sa pampang, enerhiya ng alon, atbp.), ang mga senaryo ay kailangang mapanibago upang tumugon sa suplay ng enerhiya mula sa mga baguhang mga mapagkukunan. Ang Balangakas na ito ay sapat na may kakayahang umangkop upang tugunan ang karagdagang pangangailangan sa nababagong enerhiya habang ito ay nagiging magagamit.

Ang rehiyon ay dapat makipag-ugnayan sa mga ahensya ng Estado upang matiyak ang pagiging maaasahan ng sistema. Ang rehiyon ng San Diego ay isang bahagi ng isang mas malaking network ng sisterna ng enerhiya, kaya ang koordinasyon sa buong ahensya ay napakahalaga sa paggawa ng desisyon, pagpapalano, at pagpapatupad ng imprastraktura ng nababagong enerhiya sa hinaharap. Halimbawa, may pang-estadong antas ng Plano ng Pinagsamang Mapagkukunan (Integrated Resource Plan o IRP) na nagpapatuloy sa CPUC. Ang mga Load Serving Entity (LSE) sa buong Estado ay mga Partido sa paglilitis na ito, at ang mga lokal na LSE, tulad ng San Diego Gas and Electric (SDG&E) at mga Community Choice Aggregator (CCA), ay kinakailangang magsumite ng kanilang mga plano sa pagkuha sa isang taunang batayan. Ang mga pagsusumite na ito ay tumutulong sa Estado na asahan ang mga potensyal na isyu sa pagiging maaasahan, at tinutulungan nila ang mga pagpapanibago ng paghahatid ng plano ng CAISO na maaaring kailanganin upang mapaunlakan ang mga plano ng LSE at upang matugunan ang mga layunin ng klima. Hanggang sa punto na ang mga plano ng LSE ay kasama ang mga lokal na ipinamamahaging henerasyon, solar sa bubong, solar sa komunidad, mga kontratistang proyekto na makatarungan at karapat-dapat, o iba pang mga pagtutukoy, ang impormasyong ito ay dapat na ipinahiwatig sa LSE na mga pagsusumite sa

CPUC. Bilang karagdagan, ang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod at iba pang mga opisyal ng gobyerno ay madalas na naglilingkod sa mga lupon ng CCA at nakikilahok sa pagpapalano ng pagkuha at pagtatakda ng layunin. Ang mga miyembro ng lupon ay maaaring makatulong na matiyak na ang mga plano ng LSE ay ipinatupad para sa pagkakapare-pareho sa mga layunin na pagbabawas ng GHG sa rehiyon, pati na rin sa mga layunin ng Estado. Ito ay lalong mahalaga kung saan ang mga lokal na layunin ay mas ambisyoso kaysa sa mga layunin ng Estado. Higit pa sa IRP, may mga karagdagang paglilitis sa ahensya ng Estado na maaaring makinabang mula sa puna mula sa komentaryo ng mga lokal na manlalaro (hal., ang paglilitis ng CPUC Resource Adequacy, Proseso ng Pagpapalano ng Transmisyon ng CAISO, at ang paglilitis ng Mga Kinakailangan sa Lokal na Kapasidad ng CAISO). Sa paglilitis ng Resource Adequacy, ang kawani ng CPUC ay nagsasagawa ng pagsusuri upang matiyak ang pagiging maaasahan ng grid ng kuryente. Sa Proseso ng Pagpapalano ng Transmisyon ang CAISO ay nagsasagawa ng mga pagsusuri upang matiyak ang pagiging maaasahan, pagsunod sa patakaran, at pagiging epektibo sa gastos ng mga nakaplanong pagpapanibago ng sistema ng transmisyon. Sa paglilitis ng Mga Kinakailangan sa Lokal na Kapasidad, ang CAISO ay gumagawa ng isang mas lokal na diskarte sa pagsususri ng pagiging maaasahan kaysa sa iba pang mga paglilitis. Halimbawa, ang Seksyon 3.3.10 ng CAISO 2022 Lokal na Kapasidad na Teknikal na Pagsusuri ay nakatuon sa rehiyon ng San Diego-Imperial Valley. Ang mga Entidad na Nagseserbisyo sa Pagkarga (Load Serving Entity) tulad ng SDG&E at SDCP at CEA ay dapat mag-ugnayan sa pagkuha, sapat na mapagkukunan at iba pang mga isyu na tinutugunan sa mga paglilitis na ito.

Ang Estado ay nangangailangan ng isang ganap na dekarbonisadong sistema ng elektrisidad pagdating ng 2045 at may mga kinakailangan para sa solar sa bubong sa ilang mga bagong gusali. Gayunpaman, may mga karagdagang lugar ng oportunidad upang mag-dekarbonisa lampas sa mga layunin ng Estado. Ang dekarbonisasyon ng kuryente ay ang pinaka-karaniwang panukalang panukat na pinag-aralan at karaniwan ay nag-aambag ng higit pang mga pagbabawas ng GHG kaysa sa anumang iba pang panukalang-batas. Kasama sa karamihan ng mga CAP ay ang isang panukalang-batas upang bumuo o sumali sa isang programa ng CCA, ngunit may mga oportunidad upang madagdagan ang pakikilahok ng CCA at para sa mga CCA na tumuon sa 100% na enerhiyang-walang-karbon bago dumating ang huling araw na 2045 ng Estado. Bukod pa rito, may mga lokal na mga oportunidad upang mapahusay o maka-akma sa mga kinakailangan sa solar sa bubong ng estado sa pamamagitan ng paggamit ng mga koda ng pag-abot (o mga lokal na koda na lumalampas sa mga kinakailangan ng estado) at pag-hahalaga ng mga mandato o mga insentibo para sa mga sistema ng pag-iimbak ng enerhiya na ipinareha sa solar na bubong para bawasan ang mga emisyon sa rurok ng sistemang elektrisidad at para dagdagan ang pagiging maaasahan.

Ang karagdagang trabaho ay kinakailangan upang gawing mas madaling ma-akses ang suplay ng elektrisidad na walang karbon. Sa kasaysayan, ang solar na bubong ay nailagay na sa mga kapitbahayan na mas mataas ang kita at/o sa mga lugar na may mas mataas na antas ng pagmamay-ari. Ang maraming mga pagpipilian ay umiiral upang matugunan ang hindi pantay na pamamahagi ng mga pagkakabit ng solar, kabilang ang mga naka-target na insentibo at pananalapi. Bukod pa rito, ang mga programang CCA ay maaaring mapakinabangan ang pakikilahok sa mga mahihirap

na komunidad ng Green Tariff Program, i-subsidya ang mga kostomer sa mga kwalipikadong mga programa ng diskwento upang sumali sa 100% na walang-karbon na mga serbisyo ng kuryente, at suportahan ang kasamang pananalapi para sa mga pagpapanibago ng enerhiya.

Ang legal na awtoridad upang makontrol ang produksyon ng enerhiya:^{vi} And mga hurisdiksyon sa rehiyon ng San Diego ay may awtoridad na mangailangan ng mga antas ng walang-karbon na suplay ng kuryente sa pamamagitan ng mga CAP at upang makakuha ng mga walang-karbon na na suplay ng elektrisidad sa pamamagitan ng isang CCA at samakatuwid ay makakapag-suplay ng mas maraming walang-karbon na enerhiya labis pa sa kinakailangan ng mga ahensya ng Estado. Gayunpaman, ang mga ahensya ng Estado at/o pederal o mga entidad ay nagko-kontrol pa rin ng mga lokal na suplay ng enerhiya para sa pagiging maaasahan, na kinukumpikado ang ganap na pagde-dekarbonisa ng suplay ng kuryente na may nababagong enerhiya. Bilang karagdagan, may pahintulot din ang mga lokal na hurisdiksyon na suportahan ang mga alternatibong termal na pinapaganang planta ng kuryente at mga kaugnay na imprastraktura na maaaring magbigay ng kuryente na may mababa o sero na emisyon upang matugunan ang pagiging maaasahan at mga kinakailangan sa kalidad ng hangin (hal., produksyon ng berdeng haydrodyen at/o mga planta ng kuryente). Ang mga lokal na hurisdiksyon ay pinahintulutan din upang madagdagan ang ipinamamahagi na henerasyon sa pamamagitan ng mga CCA at mga koda ng pag-abot, at upang gawing mas simple ang pagpe-permiso. Ang karagdagang pagkontrol sa paglimita sa karamihan ng mga emisyon ng planta ng kuryente na pinapagana ng posil dala ng kasalukuyang regulasyon ng Estado at kawalan ng katiyakan sa pederal na pre-empsyon.

Pagdekarbonisa ng Transportasyon

Ang sektor ng transportasyon ay ang pinakamalaking kontribyutor sa mga rehiyonal na emisyon ng GHG. Sa taong 2016, ang kalsadang-transportasyon ang naglabas nang halos kalahati ng mga rehiyonal na mga emisyon. Sa taong 2035, ang mga emisyon sa kalsadang-transportasyon ay inaasahang na magdudulot ng humigit-kumulang 41% ng kabuuang inaasahang mga emisyon (Larawan 3).^{vii} Statewide Pambuong-estadong batas, ehekutibong mga kautusan, at mga target na ahensiya ay nagtakda ng mga layunin para sa pagbawas sa GHG sa sektor ng transportasyon at ang rehiyon ng San Diego ay nagpatupad ng ilang mga hakbang upang mabawasan ang mga emisyon ng GHG sa rehiyonal na transportasyon, na kasama ang iba't ibang mga stratehiya ng pagbabawas na milyang nilakbay ng sasakyan (vehicle miles traveled o VMT) at elektripikasyon ng mga sasakyan.


^{vi} Tingnan ang Kabanata 8, Seksyon 8.7 "Idekarbonisa ang Suplay ng Kuryente" at Apendise B para sa karagdagang talakayan ng legal na awtoridad.

^{vii} Tingnan ang Kabanata 8, Seksyon 8.5 para sa isang detalyadong pag-aaral ng mga pagtatalaga ng CAP bilang nauugnay sa transportasyon. Tandaan na ang halaga na ito ay kinabibilangan ng mga inaasahang pagbabago sa benta ng EV ngunit hindi kasama ang mga panukalang CAP.

Ang rehiyon ay may isang matatag na pundasyon ng patakaran para sa pagbabawas ng mga emisyon na may kaugnayan sa transportasyon. Gayunpaman, ang mga kasalukuyang pangako sa pamamagitan ng mga CAP at iba pang mga patakaran ay hindi naaayon sa mga antas ng pagbawas na kinakailangan ng mga ehekutibang kautusan ng Estado para sa neutralidad ng karbon. Kahit na ang pinakamahusay na pangakong CAP upang mabawasan ang kalsadang-transportasyon na mga emisyon sa pamamagitan ng pagbabawas sa VMT, pag-ampon ng EV, at stratehiya ng kahusayan ng gasolina, kung ilapat sa buong rehiyon, ay hindi inaasahang makakamit ang sero na mga emisyon na layunin ng Estado.

Ang mga lugar ng oportunidad ay umiiral upang mapabilis ang pag-aampon ng EV at pagbabawas ng VMT batay sa umiiral na mga patakaran sa rehiyon at mga kagawian ng pagmamay-ari ng sasakyan, pag-uugali sa paglalakbay, at pagpa-unlad ng paggamit ng lupa. Kabilang sa mga lugar ng oportunidad na ito ang mga panukalang CAP upang mabawasan ang VMT at upang mabawasan ang emisyon ng mga sasakyan. Ang mga kasalukuyang patakaran at pag-uugali ng mamimili, nagmamaneho, at tagapag-unlad ay itinataas na ang pag-ampon ng EV at pagbabawas ng VMT. Gayunpaman, may mga karagdagang lugar ng oportunidad upang mapabilis ang rehiyonal na dekarbonisasyon ng transportasyon. Upang bawasan ang VMT, ang mga hurisdiksyon ay maaaring mapahusay ang transit at aktibong transportasyon (pagbibisikleta at paglalakad), at hikayatin ang matalinong paglago, koneksyon sa lunsod, at densidad sa pamamagitan ng pagpapalit ng pagsosona upang itaguyod ang mga pag-unlad ng pinaghalong paggamit, at pagdidis-insentiba sa paradahan.^{viii} Upang mabawasan ang mga emisyon, ang mga hurisdiksyon ay maaaring tukuyin ang mga lugar para sa mga panukala sa pagpapakalma ng trapiko, pagtatag ng mga kinakailangan sa pagbawal sa patuloy na pagpapa-andar ng makina ng isang sasakyan habang hindi gumagalaw ("anti-idling") (lalo na sa mga paaralan), at magbigay ng mga insentibo sa pag-uugali ng nagmamaneho. Dagdag dito, ang mga lokal na hurisdiksyon ay may oportunidad na makaapekto sa pagreretiro ng sasakyan, na maaaring unahin ang mga komunidad na kasangkot upang mabilis na bawasan ang pasanin ng polusyon sa hangin sa mga komunidad na iyon. Sa pagwawakas, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring dagdagan ang paggamit ng mga alternatibo, mababang-karbon na mga panggatong at EV, lalo na para sa mga katamtaman at mabigat na mga sasakyan, at mga umiiral at hinaharap na mga plota. Ang Larawan 9 ay nagpapakita ng isang listahan ng mga oportunidad sa patakaran upang madagdagan ang pag-aampon ng EV, naglalarawan ng mga opsyon sa patakaran na saklaw sa parehong pagiging epektibo (hal., gaano kahusay ang patakaran sa pagtaas ng pag-aampon ng EV) at lawak (hal., gaano karaming mga tao ang maaabot nito).

^{viii} Ang mga oportunidad upang madagdagan ang densidad sa mga "in-fill" na lugar ay kinilala sa Kabanata 3. Higit pang mga detalye kung paano mabawasan ang VMT sa Kabanata 8.



Larawan 9. Isang ispektrum ng mga opsyon sa patakaran upang mapabilis ang pag-aampon ng EV. Ang mga patakaran ay malamang na maging mas epektibo sa paggalaw papuntang kanan at malamang na magkaroon ng mas malawak na aplikasyon pababa. Kaya, ang kanang ibaba ay hinuhulaan na ang pinaka-epektibo at mayroong pinakamalawak na aplikasyon ng panukalang patakaran na ipinapakita kung saan ang tuktok na kaliwa ay hinuhulaan na pinakamababa sa pagiging epektibo at may pinakamaliit na aplikasyon ng mga panukalang patakaran na ipinapakita.

Maramihang mga oportunidad para sa panrehiyong pakikipagtulungan at koordinasyon ang umiiral. Ang likas na katangian ng transportasyon sa kalsada at ng umiiral na mga institusyonal na balangkas na nag-uugnay sa mga desisyon sa transportasyon ay nagpapahiwatig na ang panrehiyong pakikipagtulungan sa dekarbonisasyon ng transportasyon ay magiging mas epektibo kaysa sa mga indibidwal na mga panukalang CAP. Nagbibigay ang mga CCA ng isang halimbawa ng isang lokal na mekanismo, kadalasan sa pamamagitan ng mga kasunduan sa Kasunduan sa Magkasanib na Kapangyarihan (Joint Powers Agreements o JPAs), na maaaring suportahan ang elektripikasyon ng transportasyon sa pamamagitan ng pagbuo ng mga programa upang magbigay ng lokal na insentibo sa pagkuha ng EV lampas sa mga programa ng Estado at pederal. Sa katulad na paraan, maaaring makilala ang iba pang rehiyonal na dekarbonisasyon ng transportasyon na maaaring magsulong ng mga lokal na pondo para sa dekarbonisasyon ng transportasyon. Bukod pa rito, ang mga lokal na hurisdiksyon ay maaaring makipagtulungan upang masuri ang epekto ng pagkamakatarungan ng paggamit ng EV laban sa pagtaas ng paggamit ng pang-masang transportasyon sa iba't ibang mga komunidad, at upang ihanay ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng rehiyonal na transportasyon) na may mga pag-susuri sa pagkamakatarungan ng SANDAG (hal., ang pagsusuri sa pagkamakatarungan ng Lungsod ng San Diego).

Legal na awtoridad upang kontrolin ang dekarbonisasyon ng transportasyon:^{ix} Ang mga lokal na hurisdiksyon at mga ahensya sa rehiyon ng San Diego ay may malawak na awtoridad sa transportasyon, batay sa parehong lokal na awtoridad sa lokal na paggamit ng lupa sa pagpapalano at pagpapa-unlad at ipinagkaloob na awtoridad mula sa Estado at ng mga pederal na pamahalaan. Ang mga awtoridad na ito ay maaaring limitado o pre-emptado ng mga batas ng Estado o pederal, tulad ng kaso sa pagsasaayos ng mga panggatong at mga emisyon sa tambutso. Bukod pa rito, ang mga lokal na hurisdiksyon ay maaaring magtatag ng mga patakaran at regulasyon ng pagbabago ng klima upang mabawasan ang mga GHG mula sa transportasyon sa mga pangkalahatang plano (GP), CAP, pagsosona, o mga regulasyon sa pagpapa-unlad na nakatuon sa transportasyon. Dagdag pa, maaari silang mangailangan ng imprastraktura para sa paglipat ng gasolina sa mga gusali (hal., kagamitan sa pagkarga ng baterya ng EV), magtayo ng sumusuportang imprastraktura sa mga pampublikong karapatan-sa-daan o sa pampublikong lupa, at suportahan ang alternatibong produksyon ng gasolina at imprastraktura, tulad ng haydrodyen. Ang mga lokal na hurisdiksyon ay maaaring makontrol ang kanilang sariling mga plota sa pamamagitan ng pagbili, pagpapanatili, o pagbabago ng kanilang mga plota. Mayroon din silang awtoridad na makontrol ang di-tuwirang mga emisyon sa transportasyon upang mapanatili ang mga lokal na emisyon sa linya kasama ang mga pamantayan ng kalidad ng pederal at estado. Ang mga batas at regulasyon ng estado ay lumikha ng isang oportunidad upang ihanay ang lokal na pagkilos na ibinababa ang mga gastos para sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagdadala ng mga proyekto na pinondohan ng estado sa rehiyon, lalo na sa mga komunidad ng kasangkot, at pag-papakalat ng teknolohiya na binuo ng pagpopondo ng estado o pederal. Sa pagwawakas, ang mga hurisdiksyon ay lumilitaw na mayroong higit na legal na awtoridad sa pamamagitan ng paggamit ng lupa, paghahanap ng lugar para sa imprastraktura ng transportasyon, ipinagkaloob na awtoridad, at mga kapangyarihan sa pagbubuwis upang mabawasan ang mga GHG ng transportasyon, kaysa kinakatawan ng mga pangako sa CAP. Kakailanganin ng karagdagang trabaho sa pamamagitan ng mga lokal na hurisdiksyon upang masuri ang mga limitasyon ng kanilang awtoridad upang madagdagan ang mga pagbabawas ng emisyon ng GHG sa transportasyon sa kalsada.

Pagdekarbonisa ng mga Gusali

